Impormasyon tungkol sa mga Serbisyo ng North Somerset Council

Ano ang aming ginagawa

Ang North Somerset Council ay naglalaan ng malawakang sakop na serbisyo para sa mga lokal na mamamayan. Narito ang ilan sa mga ito:

- paghahanda para sa pagi-eskuwela (pre-school), pag-aaral at pag-aaral para sa mga adulto (adult education), ang serbisyo ng aklatan at museo
- pangalagahang tirahan para sa mga matatanda, mga pangkomunidad na kainan, pangangalaga sa mga batang nasa panganib, pag-aampon at pagkandili, pag-alalay sa mga taong walang tahanan
- pananatili ng mga parke at mga lansangang-bayan, pangongloekta ng basura at pagri-recycle
- pag-alalay sa mga negosyo, turismo, Playhouse Theatre at paglikha ng mga trabaho at pamumuhunan
- pangongolekta at mga benepisyo ng buwis pang-konseho (council tax)
- serbisyo ng pagpaparehistro, kabilang ang mga seremonya ng pagkamamamayan (citizenship ceremonies), mga kapanganakan, mga pagkamatay at mga pag-aasawa
- emerhensiyang pabahay, mga kahilingan para sa mga pabahay sosyal at suporta sa mga pribadong paupahang bahay.

Mga serbisyo ng pagsasalin

Kung kayo ay nangangailangan ng impormasyon at tagubilin tungkol sa mga serbsiyo ng konseho sa mga wikang maliban sa Ingles, may tulong na magagamit.

Kami ay maaaring mag-areglo ng tagapagsalin o kayo ay maaring magkaroon ng impormasyon tungkol sa aming mga serbisyo na nakasalin sa wikang iyong kinakailangan.

Tanungin lamang kami tungkol sa serbisyong ito kung tatawag sa konseho (tingnan ang mga kontak na numero na nasa ibaba). Kami ay malugod din na mag-aareglo nito sa pamamagitan ng isang kaibigan o kamag-anak, kung inyong nais na sila ang makipag-alam para sa inyo.

Mga mahalagang numero ng telepono ng konseho

Care Connect **01275 888 801**
Ang aming helpline pang-impormasyon ng serbisyong panlipunan (social services) na nag-uukol ng partikular na tulong sa mga matanda at mga taong may kapansanan.

Mga daan at mga Lantad na Lunan (Streets and Open Spaces) **01275 888 802**
Ang aming helpline ng pangkapaligirang serbisyo kabilang ang pangongolekta ng basura, pagri-recycle, pagpapanatili ng mga lansangan, mga daanan ng tao at mga parke, at pangangalaga sa kapaligiran.

Customer services **01934 426 826**
Upang magbigay komentaryo o magreklamo tungkol sa anumang serbisyo ng konseho.

Helpline ukol sa pabahay at mga benepisyo ng buwis konseho (council tax) at mga apela
01934 888 136

Opisyal ng pagkakapantay-pantay (Equalities officer) **01934 634 832**
Nagkakaloob ng tulong at alalay sa mga suliraning ukol sa pagkakaiba-iba (diversity) at pagkakapantay-pantay (equalities).

Pangkalahatang pagtatanong tungkol sa lahat ng iba pang serbisyo ng konseho
01934 888 888

Emehensiyang serbisyo na sumasagot sa labas ng oras **01934 622 669**

Iba pang mahahalagang numero ng telepono

Pulis, sunog at ambulansya (mga emerhensiya lamang) **999**

NHS Direct (24-oras na payo ukol sa pag-aalaga ng kalusugan) **0845 4647**

Pulis ng Avon at Somerset **0845 456 7000**

Crimestoppers **0800 555 111**
Upang anonimong magreport tungkol sa krimen

Mga insidenteng deskriminasyon (Racist incidents)

Kami ay tapat sa pagtitiyak na ang mga tao ay maaring mamuhay at magtrabaho sa North Somerset nang malaya sa deskriminasyon.

Kung kayo ay biktima ng krimeng deskriminasyon kayo ay dapat na tumawag sa pulis sa 0845 456 7000. Kung kayo ay nangangailangan ng madaliang tugon o tulong tumawag lamang sa 999.

Kung ayaw ninyong tumawag sa pulis, kayo ay maari ring tumawag sa amin sa 01934 634 832. Aming tatanggapin ang inyong report at tutulungan kayong magdesisyon sa anumang hakbang na nais ninyong gawin.

Mga mahalagang website

Payo sa mga taong naghahangad ng asilo	www.asylumsupport.info
Komisyon sa Pagkakapantay ng Lahi (Commission on Racial Equality)	www.cre.gov.uk
Komisyon sa Pantay na mga Pagkakataon (Equal Opportunities Commission)	www.eoc.org.uk
Home Office	www.homeoffice.gov.uk
Impormasyon para sa mga manlalakbay, kanilang mga kaibigan at pamilya	www.gypsy-traveller.org
Inter Faith Network (nagtatrabaho upang magtatag ng magandang ugnayan sa pagitan ng iba't-ibang komunidad pang-relihiyon sa loob ng UK)	www.interfaith.co.uk